# Si

*Bob Ong*

Download now

Read Online

# Si

*Bob Ong*

**Si** Bob Ong
"Maari bang malaman ang iyong pangalan?"

"Victoria"

"Kailan kita masisilayan, Victoria?"

"Sa iyong pagsilang"

## Si Details

| | | |
|---|---|---|
| Date | : | Published November 2014 by Visprint, Inc. |
| ISBN | : | 9789710545490 |
| Author | : | Bob Ong |
| Format | : | Hardcover 257 pages |
| Genre | : | Romance |

**Download** Si ...pdf

**Read Online** Si ...pdf

**Download and Read Free Online Si Bob Ong**

# From Reader Review Si for online ebook

## Anna says

Ang sarap basahin.
Parang gusto ko na ulit magmahal nang pang habang buhay. (May forever.)
Parang gusto ko magkaron ng magulang na gaya nya.
Parang gusto kong maging magulang gaya nya, mapagmahal, responsable at maalaga.

Ang sakit basahin. Parang may nakadagan sa dibdib ko dahil sa sobrang tindi ng emosyon at ng pananalita. Sa bawat salita na binibitawan nya kay Victoria, parang dinudurog ang puso ko.. Hindi ko alam, halos maiyak ako. Halos itigil ko din ang pagbabasa, parang sumusuko na ko.

Ang lupet basahin. Bandang huli, naisingit nya pa din ang subject lagi sa libro nya, ang Pilipinas. Pinakita nya ang history ng Pilipinas at masasalamin talaga ang hirap na dinanas noon.

Ibang klase ang librong to. Basta ang alam ko, mamatay matay ako sa pagbabasa nito.

---

## Joey says

After putting it down in awe, I imagined myself attending a forum held by the Bob Ong Fanatics somewhere in the vacuous universe of Goodreads, standing before them , groping for words to break their silence .

*******************************************

Me: Magandang araw, Bob Ong fanatics! Forgive me for speaking in English although what we will be discussing today is Si by Bob Ong. Supposedly, the medium of communication should be Filipino. However, we have foreign friends on Goodreads who might feel out of place.

(Clearing my throat)

Before l share with you my thoughts of Si written by Bob Ong. Let me touch on little information of who Bob Ong is for our foreign friends to have an idea who the good old man we will be talking about.

If you look him up in the Wikipedia , Bob Ong is the pseudonym of a contemporary Filipino author known for using conversational writing technique to create humorous and reflective depictions of Philippine life. The author's actual name and identity is unknown.

Despite that his books have been best-sellers, he has never been known in public. That’s why some documentaries have been made to find out who this Promethean man is.

There are some prominent Filipino writers or TV personalities who have been mistaken for Bob Ong, but all of them have turned out be different from Bob Ong’s writing styles.

Now, let’s get down to business. My very first impression on Bob Ong’s books was that most of his books were like students’ write-ups for a journal campus.

(One reactionary reader would interrupt.)

Fanatic 1: With all due respect, … Joey? If I may I address your first name…

Me: Yes, you may.

Fanatic 1: Joey, uh… You seem to being an armchair critic. You’re being subjective. I believe that you were still a student at that time. Admit it. You were addicted to his books, weren't you?

Me: Yes, I am being subjective, so I believe that all reviews on Goodreads are not objective, aren’t they? And I wasn’t addicted to his books. I happened to read his books because they were being hyped up until my friend suggested that I read one of his. I was such an ignorant and poor reader at that time. I did not have any access to a lot of best-sellers, especially Philippine ones. All I always read were stories in school textbooks. But when I started to read his other books in university, at that point, I realized that I was sick and tired of them. I wish there were Goodreads already at that time. I could have written my thoughts of them. Besides, I could have been a hypocrite if I had insisted that Bob Ong was my favorite Filipino writer.

Fanatic 1: If so, who was your favorite author?

Me: I’m sorry we seem to be getting around the subject. Given that Bob Ong can write whatever genre s as what others have noticed as what you have ( gesticulating at Fanatic 1) such as conversational, essay, horror, stories that deal with social issues in the Philippines, but for me, I would say that his works are not on the par with other critically acclaimed and award winning books. Apparently, his books appear to be intended for money.

Fanatic 1: That’s a cheap shot. I believe that Bob Ong writes such books because he wants to inform, to educate, and to entertain. And of course, in a capitalist country, books have something to do with money. Besides, you can’t deny the fact that because of Bob Ong , young readers are motivated to read and support our Philippine literature. In fact, as far as I know, because of Bob Ong, many writers now follow his style. In short, he is the beginning of all the writers today such as Bebang Sy, Genaro Gojo Cruz, Noringai, to name a few. Don’t you think so?

(Provoked by his word cheap shot)

Me: Exactly No doubt his other books have never been nominated by National Board of Books Award except this SI. And this has something to do with what I want to tell you about after reading his Si. Plus, if you don’t mind, let me first finish my review of it instead of heckling me.

(heaving a sigh)

Fanatic 1: (irritated) Noted…but NBBA must have the requirements whether a book is eligible or not.

Me: Definitely. Its requirements must be standardized, intended only for books that are considered critically acclaimed.

Anyway, thank you for heeding my request.

After reading Si, I realized that Bob Ong can write something award-winning. In Si, he wrote beautiful Filipino prose. He wrote lyrical , poetic , quixotic sentences. I was impressed. I fell in love again with whoever I pushed downward in the darkest part of my subconscious. In fact, I enjoyed repeating the passages as if I was chanting a yoga prayer. I was asking myself then if it was Bob Ong who was telling me a story. It seems like he is not the author of this book. Did my friend lend me another book? Yes, it was him. Because

somehow, I felt his trademark, the way he collected all the realistic and vicarious information and other people's experiences to form one conceptualized story although there are some parts I found “corny” like the ones in his other books. Most importantly, I fell prey to his creativity. This is his style. He wants to make a twist whenever a reader goes into the climax. I guess you know what I am talking about if you have read it.

(Another fanatic would ask me, but calm unlike the other one .)

Fanatic 2: So, why did you give it 4 stars instead of five?

Me: Bo Ong is an experimental and ingenious writer. He always surprises us whenever he has a new book. In this book, obviously, his intention is to surprise us, but that surprise is not natural for me. It is conspicuous that he included such tactic to have a great impact upon me. For instance, I did not know that I should have started reading it from the back. Such clever idea is like a friend of yours who will make a fun of you , taking it back as a joke , but you don’t think it is funny at all. You might snicker, “ Ang corny ha!” By the same token, obviously, there are some parts which appear to have been taken deep impression from TV news, newspapers articles, barbers’ stories, and so on- the style he has been known for.

Fanatic 1: Your standard is so high. Since you appear to be an armchair critic, what should Bob Ong have done?

( I could still feel the ill-feelings he had been harboring.)

Me: I dunno. It is just my subjective analysis. But I hope when Bob Ong writes another such novel , I mean something more critically acclaimed than his other books. He should make it coherent as in his readers seem to be reading a real novel.

Fanatic 1: What do you mean 'coherent'?

Me: I want to read a novel that I will just follow the stream of the story as if I were just there mingling with them- something I have not seen in his books.

Fanatic 3: Since 4 stars means I really liked it on Goodreads, what parts of the book that made you really like it?

(It’s another fanatic who would be listening to me all ears, but tend to make faces when I explained something which he could disagree to.)

Me: The deepness of some passages about love. The concept of the story because it reflects the typical conjugal and familial life of our parents until they get older. It mirrors the universal fact that parents started to be parents from romantic life until they build a family, how they take care of their children well despite the challenges of life . I can see such situation in my parents and in my friends, and even in myself if I were predestined to build my own.

Fanatic 1: Therefore, you expect something more than that from Bob Ong.

( This time, he would appear to be composing himself.)

Me: Yes, I am following him now. So, I profusely apologize to you.

Fanatic 2 : Well, despite your acerbic thoughts, welcome to the club!!!

Fanatics: Welcome to the Bob Ong Club!!!

*********************************************

( Back to the reality)
Writers could build a mass hysteria, gee!

---

## Jireh says

E, ayun na naman si Manong Bob. Nagkukwento. Pero kung susubukan mo siyang pakinggan mula sa dulo, ipinapayo kong mas mainam pa rin na sa simulang patapos mo (ibig-sabihi'y sa unang pahina!) pa rin siya pakinggan kasi mas maaappreciate mo ang buhay ng mga karakter niya doon. Paborito ko si Kups at Superman, kahit bahagyang side dish lang sila sa pinaka main course.

"Ang kapalaran ay kuwentong matagal mo nang inisip para sa iyong sarili."

---

## Alyloony Alyloony says

Ibang klase ang atake na ginawa ni Bob Ong sa paglalahad ng kwentong 'to. Kakaiba. At ang ganda rin ng takbo ng storya. May kurot sa puso.

---

## Isabelle says

[Hindi ko alam kung tama ang hinala ko tungkol sa librong ito. Ngunit ito ang teorya ko:

Mula sa pagigi

---

## Jonn Lim says

Walang kupas talaga si Bob Ong sa larangan ng pagsusulat. At sa paglabas ng kanyang ikasampung libro ay napatunayan na niyang kaya niya iba't ibang kategorya ng kwento ma-horror man yan (Kaibigan ni Mama Susan; na hindi ko naman binasa), tungkol sa superhero (Kapitan Sino), script man ng iba't ibang klase ng sine (Lumayo Ka Nga sa Akin), o love story na paksa ng librong ito.

Pagbuklat mo pa lang sa unang kabanata ay mapapaisip ka na, dahil ang nakalagay ay pang-72 ito. Ngayon pa lang ako nakakita ng librong sinulat ng ganitong istilo. Naiintindihan ko na kung bakit, ayon kay Bob, sinimulan niya tong isulat kasabay pa ng Stainless Longganisa pero ngayon lang natapos.

KONTING SPOILER LANG
Gaya ng nabanggit ko kanina tila pabaligtad ang pagkakasulat ng librong ito. Pagdating pa lang sa kabanata 60 ko napagtanto na ang bawat kabanata pala ay tumutugma sa edad ng bida. Bawat kabanata ay may inilalahad siyang alaala na karamihan ay may kinalaman sa pagmamahalan niya ng kanyang naging asawa. Paalala, hindi ito librong hapon na dapat basahin simmula sa huling pahina. Sinadya ni Bob na magsimula sa

edad na 72. Maganda ang kinalabasan. Maihahalintulad ang karanasan na ito sa kung may nakilala ka ngayon lang sa matandang edad na at ikinuwento niya ang mga nangyari sa buhay niya. May mga detalye sa kwento na mapapatanong ka, "Sino naman yung karakter na iyon?" tapos sa sunod na kabanata ay saka lang niya maipapaliwanag kung ano ba ang kinalaman ng taong iyon sa buhay niya.

Natuwa din ako sa kung paano niya ipinahiwatig ang buhay niya. Kalimitan ang karakter ng isang libro ay may isang dimensiyon lamang. Kung ang karakter na ito ay matapang, mabait, madaldal man o hindi sa simula ng libro dadalhin mo ang impresyon na iyon hanggang katapusan. Pero dahil nga nilalahad ng librong ito ang pagtanda at paglago ng isang tao sa bawat yugto ng kanyang buhay, makikita mo ang pagkakaiba ng bida noong siya ay 20, at noong siya ay 60. Napahalagahan ko rin kung paano naipakita nito na ang mga nakatatanda sa atin ay nabiyayaan ng Diyos ng mas maraming karanasan na kalimitan ay nangangahulugan din na may dagdag na karunungan.

Marami pa akong ikinagusto sa librong ito. At kung nagkataon na 4-stars ang ibibigay ko sa librong ito, ay siguradong mapipilitan akong dagdagan ang rating na iyon para lang sa huling kabanata at pahina ng libro kung saan ay nabigyan ng panibagong kahulugan ang naunang 71 na kabanata na binasa ko bago makarating doon. Naglalaman ito ng isang mahalagang mensahe na sa panahon natin ngayon ay mahalagang pag-isipan.

---

## Alden says

Halos mahigit isang taon ko na ring natapos basahin ang pinakabagong librong ito ni **Bob Ong** pero ngayon ko lang ito naisipang gawan ng review. Kung tutuusin, ito ang unang review ko matapos ang mahaba-habang panahon. Bagamat nagbabasa-basa pa rin ako ng mga libro ay hindi ko rin kasi masyadong nabubuksan ang aking account, dala ng sobrang abala ko (raw) sa iba't ibang aspeto ng buhay.

Paano ko nga ba binibigyan ng rating ang isang librong nabasa ko? O sa pinakasimpleng katanungan, anu-ano ang aking mga sariling pamantayan para bigyan ito ng tumataginting na limang bituin? Ilan sa mga ito ay kung bukod sa sobrang nagustuhan ko talaga ang istorya ay kakaiba ang technique o pamamaraang ginawa ng manunulat sa paglalahad nito at kung wala itong nakakainip na bahagi o 'dull/boring moments' para sa akin.

Bukod pa sa mga nabanggit, ilan pa sa aking mga pamantayan sa pagbibigay ng mailap na limang bituin ay kung tumanim nang matagal sa aking isipan ang istorya ng librong nabasa ko. Iyon bang kahit tapos mo na itong basahin at nag-uumpisa ka nang magbasa ng ibang libro, ang librong iyon pa rin ang laman ng utak mo na parang may separation anxiety ka na sa librong iyon. Iyon bang sa sobrang lakas ng epekto o dating sa iyo, pagkatapos mong mabasa at isara nang tuluyan ang libro ay nais mo munang namnamin hindi lang ang pagwawakas ng istorya kundi pati na rin ang ilang hindi malilimutang mga eksena sa librong iyon. O ayaw mo munang magbasa ng panibagong libro dahil baka maputol o makalimutan mo ang ilan sa mga importanteng pangyayari na nanatili sa iyong isipan habang binabasa mo ang naturang libro. At masasabi kong ang lahat ng mga pamantayang ito, kasama ang dalawang nabanggit sa huling talata, ay naranasan ko sa pagbabasa ng **Si** ni Bob Ong.

Kuwento ng tunay na pag-ibig ang tema ng **Si** ni **Bob Ong**. Subalit sa loob ng kuwentong pag-ibig ay kalakip nito ang iba't ibang emosyon -- kasiyahan, kalungkutan, galit, hapdi, pang-unawa, pagpapaparaya, responsibilidad, pagmamahal, paghahanap, pagkakatagpo, pag-asa, at iba pang elemento ng ating buhay. Tungkol ito sa buhay ng isang unnamed narrator at ng kanyang kabiyak na si Victoria. Sa pinakapayak na paliwanag, inilahad dito ang kuwento nilang dalawa -- kung paano sila nagkakilala, nagtagpo at kung ano ang naging buhay nila bago at pagkatapos ng ilang mga pangyayari -- sa hindi pangkaraniwang pamamaraan (Kahit mukha namang halos lahat dito ay nabasa na ang **Si**, hindi ko na lang din sasabihin kung ano ang

pamamaraang iyon para iwas spoiler para naman doon sa mga iilang hindi pa nakakabasa).

Para sa akin, isa na nga yata ang nobelang ito sa pinakamagandang likha ni **Bob Ong**. Magaang at masarap basahin ang **Si** subalit sobrang lakas ng dating at bawat kabanata ay siguradong mag-iiwan ng marka sa isip ng mga mambabasa. Dahil kilala sa pagpapatawa sa kanyang mga non-fictional books, akala ko noon ay todo na ang kanyang talento pagdating sa paggawa ng kuwento o fiction matapos kong basahin nang ilang ulit ang Macarthur (apat na bituin) at Ang mga Kaibigan ni Mama Susan (read but not yet rated), na dalawa sa pinakapaborito ko sa mga fictional works niya.

Nakakabilib din hindi lang ang naging transition ni **Bob Ong** dahil mula sa pagpapatawa ay nakagawa siya ng isang kakaiba subalit mapusong kuwento, kundi pati na rin ang ilang mga pagbabago sa paraan niya ng pagsusulat. Medyo hindi ako sigurado kung alin ba ang mas tamang baybay: 'siya/niya' ba o 'sya/nya'? Pero mas tama yata ang 'siya/niya' at ito ang napansin ko sa **Si**. Mas ginawang pulido at wasto ni **Bob Ong** ang pagsusulat, dahilan kung bakit napakaganda at napakasarap basahin ng **Si**.

Ang ikinababahala ko lang, halos lahat na nga yata ng pakulo ay nagawa na ni **Bob Ong**. Paano kaya ang gagawin niyang atake sa mga susunod pa niyang libro? Hindi kaya nauubusan na siya ng mga ideya para dito? Anong bago naman kaya ang kanyang ihahain sa susunod? O uulit ba siya ng estilo sa pagsusulat? O hiatus muna nang matagal na panahon sa pagsusulat? Ang daming katanungan na naghihintay ng kasagutan. Pero knowing Master **Bob Ong**, sigurado akong gugulatin niya tayo ulit (sana) sa susunod niyang likha.

Sa ngayon, nanamnamin ko muna ang husay ng pagkakagawa ng **Si** at maghihintay sa susunod niyang libro. Palagay ko, gold book o brown book iyon (Halos lahat kasi ng basic na kulay, nagawan na niya ng libro).

---

## Henz says

I haven’t read much of **Bob Ong**’s works, by far this is the third book and I got to tell you it struck me that it was very different; I was used to his comedic style but didn’t expect this one. The style of writing was really one of my favorites; writing in reverse was unique. I think of it as sort of a memoir but it’s not because it’s fiction. The love story was beautifully written along with tragic and bittersweet events that life has to offer to any human being. The Melancholic punch of this book have not brought me in tears but I finish up contemplating about life, love, things as "soulmates" and wonder will I experience the same *nostalgia*?

---

## Mai says

Marahan kong inilipat ang huling pahina at isinara ang libro. Ipinikit ko ang mga mata ko para magbalik tanaw sa mga nabasa. Maya-maya pa'y naramdaman ko ang galak, kurot, at hapdi na may kasamang luha sa aking mga mata na nangangahulugang tinamaan ako sa librong ito.

Tuwa, lungkot, hirap, pagsubok, pag-asa, at kung anu-anong bagay ang naisip ko habang inaalala ko ang mga kwento sa bawat kabanata ng librong ito. Pakiramdam ko habang nagbabasa ako ay naglalakbay ako sa mismong mundo at lugar ng mga pangyayaring nasaksihan ko rito. Madaling nailathala ng aking isipan ang mga kaganapang may bahid ng katotohanan kung ihahambing sa realidad. Para ko na rin pinapanood ang mga bagay na maaaring mangyari sakin sa hinaharap, kung paano magsisimula at magtatapos lahat sa buhay na pinagkaloob sakin.

Nakakatuwang makapagbasa ng librong magbubukas saiyong isipan at magtuturo sayo na ang tunay na

kahulugan ng pag-ibig ay hindi lang para sa dalawang tao, ito'y panglahatan na maibabahagi sa anumang paraan na tumatagal ng panghabambuhay.

Masaya kong nirerekomenda ang libro sa lahat ng kabataan ng henerasyong ito. At sa huli, maraming salamat sa panibagong pang bukas-isip, Sir Bob. :)

---

## K.D. Absolutely says

Sa kauna-unahang pagkakataon, binibigyan ko si Bob Ong nga apat na bituin dito sa Goodreads. Ibig sabihin nyan, **gustung-gusto ko ang aklat nyang ito.**

Ewan ko. Excluding yong re-issue ng ABNKKBSNPLAKo?! (3 stars), pang-sampu ito sa mga aklat ni Bob Ong. Halos iba-iba ang genre. May memoir o tungkol sa sarili niyang karanasan noong bata pa sya, may tungkol sa pagsusulat, ang Stainless Longganisa (3 stars), may tungkol sa urban poor, ang Macarthur (3 stars), may tungkol sa politika at lipunan sa Pilipinas, ang Bakit Baliktad Magbasa Ng Libro Ang Mga Pilipino? (3 stars), may horror, ang Ang mga Kaibigan ni Mama Susan (2 stars) at ang sinundan nito na comedy, ang Lumayo Ka Nga Sa Akin (3 stars). Ang tatlong bituin ay nangangahulugan na gusto ko ang aklat. So marami na rin pala akong nagustuhan sa mga akda ni Bob Ong. Kaso, itong isang ito ang **gustung-gusto ko.**

Bakit?

(1) **Istilo: Pabaligtad na paglalahad ng talambuhay.** Yong unnamed narrator ay nagdidiwang ng kanyang ika-72 na kaarawan. Tapos yong mga susunod na chapters - isang taon, isang pangyayaring naganap na di nya makakalimutan sa taong yon. Hanggang sa dumating sa 3, 2, 1, 0. Paano nya kaya natandaan ang mga taong iyon?, tanong ko sa sarili ko. Kaso si Bob Ong ito. Sa mga lokal na manunulat, ngayon ko lang nakita na puwedeng gawing istilo ito ng paglalahad. May napanood na akong movie mga ilang taon na ang nakakaraan, ang Irreversible pero doon, isang partikular lang na pangyayari ang inilahad ng pabalik. Dito buong talambuhay.

(2) **Lenguahe: Purong Tagalog pero hindi korni.** Yong Tagalog na di nakaka-O.P. Karaniwan ang tunog na parang kaibigang nagkwekwento lang. Hindi yong parang taong lumaki noong panahon ng hapon kagaya ng National Artist na si Amado V. Hernandez. Hindi ko sinasabi na hindi maganda ang Mga Ibong Mandaragit (5 stars *nga eh*) kaso mahirap basahin dahil sa lumang Tagalog nito na parang lola ko ang nagsasalita o lolo/lola mo sa tuhod. Ikaw bilang bata pa.

(3) **Yong Kuwento: Yon mismo.** Kung kwekwentahin, ipinanganak ang narrator mga ilang taon bago ang World War II kaya bata pa sya noong magka-giyera. Kung susumahin, ang kuwento ng buhay niya ay kuwento ng pagiibigan nila ng asawang (soulmate) si **Victoria.** Dahil nagkatuluyan sila at tumandang magkasama, romance novel ito. Pero may mga trahedya sa pamilya (kahit naman aling pamilya, may malulungkot na karanasan) kaya mas angkop ang love story o kuwento ng pagiibigan. Hinaluan ng mga pangyayaring naranasan sa paligid sa pagdaan ng panahon: ang pananakop ng mga Hapon, ang pagdating muli ng mga Amerikano, First Quarter Storm, ang EDSA People Power, ang pag-alis ng mga Amerikano. Backdrops ang mga yan pero may epekto sa pamilya. Sa loob ng paglalahad, ramdam mo ang igting ng pagiibigan nilang mag-asawa at kung paano sila nagdadamayan sa mga lungko't at saya sa kanilang pagsasama.

Yon lang ang tatlong *major-major* (sabi nga ng Miss U noon) na dahilan. Mahal ang libro: P400. Iba na ang level ni Bob Ong. Hardbound na kung maglabas ng libro. Ilang araw lang, out of stock na. Confident na si

Bob Ong at Visprint na kahit mahal ang libro ni Bob Ong, bibilhin at bibilhin pa rin ng mga tao.

Prediksyon ko lang: hahakot ito ng awards sa 2014. Kung tumatanggap ang Palanca ng published works, dapat humanay ito sa mga nominado. Kung yon ngang Tatlong Gabi, Tatlong Araw (2 stars) ni Eros Atalia, nanalo ngayong taong ito, eh ito pa kaya?

Pag di ito nanalo o na-nominate man lang sa National Book Awards o sa Filipino Readercon, ewan ko na lang.

---

### Joem says

I have to read it again. From the back.

---

### Maria Ella says

ZOMG THE ENDING IS MINDF*CK I CANNOT EVEN.

KAYA KAYO, PLEASE LANG MAG FAMILY PLANNING. HUWAG BASTA AWRA NANG AWRA JUICE KO LALO NA KAYONG MGA JEJEMON KAYO JUICEKO NA LANG.

(These moments of epiphany at the wee hours of morning. More thoughts soon).

---

### Neil (or bleed) says

^Ako matapos basahin ang librong ito.

--------------------------------
May mga nabasa akong tweets/posts dati na tila naguguluhan at nagtatanong kung paano raw ba nila babasahin ang librong ito. Sisimulan daw ba nila sa umpisa? o sa dulo? Medyo nagtaka ako. "Hala, bakit?" ang usal ko sa aking sarili. Tapos nakita ko yung tweet ni Bob Ong. Sabi nya, basahin daw sa simula kasi ganon naman talaga binabasa ang libro. Nacurious ako lalo.

Kaya matapos ang ilang buwan ng pagpipigil sa sarili, binili ko na rin ang librong ito. At sa pagbuklat ko sa mga pahina, nalaman ko na kung bakit sila naguguluhan. Hanggang sa matapos ko ang Si at ang magsasabi ko lang ay: Basahin ang libro sa unang pahina at wag sa dulo dahil magmumukha lang kayong tanga kapag sa dulo nyo inumpusahan. Pwe!

Biro lang. Kanya-kanyang trip yan. Bahala kayo sa buhay nyo.

--------------------------------
Anyway, highway, maganda ang Si. As in, maganda. Iba ito sa mga naunang sinulat na libro ni Bob Ong. Seryoso ang Si at tumatalakay sa pag-agos ng buhay, ng mga pangarap, paghihirap, kasiyahan, kalungkutan, pag-ibig, pagkakaibigan at iba pang aspeto ng buhay ng tao. Napakaganda ng pagkakasulat na lalo pang

nagbigay buhay sa kwento. Ang mga letra at salita ay animo isang masamyong hangin na dumadampi sa balat. Ang mga letra at salita ay tila tahimik na pag-agos ng batis. Maganda talaga. Hindi mahirap basahin at hindi rin naman masyadong mabulaklak. Basta.

Isa pa, kapana-panabik ang paglipat ng pahina. Yung tipong gustong-gusto mong tapusin agad pero ayaw mo rin. Gusto mo muna kasing namnamin ang bawat letra at bawat emosyon na nakapaloob rito. Kumukurot sa puso. Pa-minsan minsa'y naghahatid ng kasiyahan. Pero ang pinaka-tumatak talaga para sa akin ay ang pag-ibig. Ang PAGMAMAHAL. Na nailarawan at nabigyang-buhay ni Bob Ong sa nakakamanghang paraan.

Tapos, yung ending. Juskolord. Hindi ko masyadong naintindihan nung mabasa ko ng unang beses pero nung basahin ko ulit, ayun! Ayoko na lang magsalita. Nakaka-WTF. Masakit sa puso.

Basta basahin nyo ang librong ito sa umpisa, huwag na huwag sa dulo.

---

## O says

Actual rating: 3.5 stars

Mabenta sakin noong kabataan ko (lol!) si Bob Ong. Natutuwa ako sa mga kwento nya eh, lahat ng libro nya inabangan ko at binili ko nung may pera na ako pambili ng libro. Ung mga libro nya na mga nobela, di ko na masyado nagustuhan ung iba. Na-trauma ata ako kay Ang mga Kaibigan ni Mama Susan. Wahahaha. Pero nung nakita ko ung librong to sa NBS, naisip ko mag-try ulit magbasa ng kwento ni Bob Ong.

Actually itong Si, binili ko dahil sa mababaw na rason - gustong gusto ko ung cover. Paboritong kulay ko kasi. Napaka-misteryoso pa ng summary sa likod. Hahaha. Pero nung nagsimula ako magbasa, medyo naguluhan ako. At nakornihan ako. Kasi lalaki ung bida, di ko ma-imagine na magsasalita ng napaka..flowery(?) tungkol sa pag-ibig ang mga lalaki. Pero sabagay, iba ang henerasyon nya. Baka ganun talaga sila dati. Hehe. (view spoiler)

Nung tumagal naman natuwa na ako sa mga pangyayari sa Si. Kakaiba ang twist nya, although mahahalata mo na rin naman sa simula kung ano ung nangyayari. Siguro umabot sa kalagitnaan ng libro bago ako medyo nadala sa kwento. At di na ako nakokornihan sa pananalita ng bida. Mahirap ata magkwento ng mga nabasa ko dito, baka may spoiler akong masabi ng hindi sinasadya. Haha.

Ang naisip ko nung natapos ko itong libro...minsan makikita mo ang isang tao na napakasaya sa buhay. Maiinggit ka sa kanya kasi mapapaisip ka ano ginawa nya para maging ganun. Pero di mo lang alam, maaaaring napakarami nya na rin napagdaanan na hirap sa buhay - mawalan ng magulang, o anak, o kung ano pa man - ngunit nakarating sya sa punto na naging masaya pa rin sya. Hindi sa lahat ng oras masaya ang tao. Hindi rin sa lahat ng oras ay bigo sya. Ang mahalaga siguro, i-enjoy mo na lang ang buhay mo na walang regrets.

Naging cheesy na ata mga sinasabi ko. Basta masaya naman ang Si. Ako lang siguro may problema kasi madali ako makornihan sa mga kwentong pag-ibig lately. Hahahahaha. Although hindi sya kwento lamang ng pag-ibig, kundi kwento ng buhay ng isang tao. :D

Maaari nyo rin basahin ang rebyu na ito sa aking blog na Lambent Lights.

---

## Daboy Villacortes says

What the hell, Bob? Y u so good. Just bought it and finished reading it already. I just can't put it down.

You're so brave in trying a new genre which is a story about love. This is the kind of love story every teenager nowadays must read. Love for family and for people in general, not just between two opposite sex :)